## TALA SA LAMAN NG ISYU:

Inilalathala sa isyung ito ang upisyal na pahayag ng KT-KS sa ika-22 anibersaryo ng muling pagkakatatag ng Partido. Tinatalakay dito ang napakainam na sitwasyong pampulitika sa bansa bunga ng lalong paglubha ng sosyo-ekonomikong krisis at pagkakahiwalay ng rehimeng US-Aquino, at kaugnay nito ang mga opensibang dapat ilunsad ng Partido para mapamunuan ang masa at masunggaban ang napakainam na sitwasyon.

Sa sitwasyong pandaigdig inilalahad ang isang pangkalahatang pagsusuri — alinsunod sa Leninistang teorya ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon at pandaigdig na linyang anti-imperyalista — sa naganap na pagbagsak ng mga naghaharing partido komunista sa Silangang Europa, malalang krisis at banta ng disintegrasyon sa Unyong Sobyet, at ang kuneksyon ng mga pangyayaring ito sa kabuuang kalagayan ng daigdig at sa hinaharap ng proletaryong rebolusyon.

Lubhang malalim at masaklaw ang mga implikasyon sa teorya at praktika ng rebolusyonaryong proletaryado ng mga naturang pangyayari. Ang intensyon sa anibersaryong pahayag ay gabayan ang pag-aaral ng mga kadre at kasapi ng Partido at isistematisa't pasiglahin pa ang mga internal na talakayan tungkol dito. Ang mga pahina ng Rebolusyon ay bukas sa anumang makatuturang kontribusyon sa pag-aaral sa mga usaping ito. #

# PAMUNUAN ANG MASA, ILUNSAD ANG MGA OPENSIBA

Pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Ika-22 Anibersaryo ng Muling Pagkakatatag Nito

Buong lugod na ipinagdiriwang ng Partido Komunista ng Pilipinas ang ika-22 anibersaryo ng pagkakatatag nito. Lahat ng kasapi ng Partido ay pinasisigla ng, at nakapagmamalaki sa, mga tagumpay ng Partido at bayan sa rebolusyong pambansa-demokratiko laban sa imperyalismong US at mga lokal na mapagsamantalang uring malaking kumprador at panginoong maylupa na ngayo'y pinamumunuan ng naghaharing pangkating Aquino.

Tuluy-tuloy na pinatunayan ng Partido na ito nga ang abanteng destakamento ng namumunong uri, ang uring manggagawa. Sa pamamagitan ng puspusang pagkilos, pakikibaka at mga sakripisyo ng mga kasapi ng Partido, napalakas ang Partido sa hanay ng sambayanan, naisulong ang armadong rebolusyon at napalawak ang pambansang nagkakaisang prente. Sinikap ng Partido sa pamamagitan ng mga punahan at pagpuna sa sarili mula noong 1986 na imaksimisa ang lakas ng Partido, iwasto ang mga pagkaka at kahinaan, at isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka sa bago at mas mataas na antas.

Ang pagpupunyagi ng Partido, ng proletaryado at ng buong mamamayan sa rebolusyonaryong pakikibaka ay muling nasusuklian. Umiiral ngayon ang isang rebolusyonaryong agos sa Pilipinas bunga ng mabilis na pagkabulok ng naghaharing sistema at pagkakahiwalay ng malaking kumprador-panginoong maylupang naghaharing pangkating Aquino.

Ang tuluy-tuloy na lumalalang krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas at ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay mga paborableng kundisyon para sa higit na pagsulong ng rebolusyong pambansa-demokratiko. Higit

kailanman sa nakaraan ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado ay nasa pusisyon upang pamunuan ang masa at ilunsad ang mga opensiba.

## I. Mabilis na Nabubulok ang Naghaharing Sistema

Mula't sapul ang naghaharing pangkating US-Aquino ay masunuring nagpatupad ng mga patakarang sosyo-ekonomiko na pareho sa saligan sa mga patakaran ng bumagsak na rehimeng Marcos. Ang mga patakarang ito ay idinikta nang tuwiran ng mga multinasyunal na kumpanya at bangkong US, Japan at iba pa at sa pamamagitan ng International Monetary Fund (IMF), ng World Bank (WB) at ng Asian Development Bank (ADB).

Walang ibang patutunguhan ang ekonomyang malapyudal kundi ang lalo pang pagbulusok sapagkat ito ay hinuhuthot ng dayuhang monopolyo kapitalismo at ng lokal na mga uring mapagsamantala na malaking kumprador at panginoong maylupa; nakasandig sa produksyong pang-eksport ng mga hilaw na materyales (pangunahing agrikultural at sekundaryong mineral) at ng ilang reeksport na mababa ang halagang naidagdag; at nakasandig pa sa importasyon ng mga yaring produkto, kabilang na ang mga produktong pangkonsumo, mga k agamitang hindi nakalilikha ng iba pang kagamitan, at malaking kantidad ng panggatong.

Ang dayuhan at multinasyunal na mga empresa't bangko ay hindi nagpapasok ng mga puhunang produktibo. Nakakonsentra lamang sila sa paghuthot ng dambuhalang tubo at bayad sa pautang mula sa ekonomyang iniipit ng pagdagsa sa pandaigdigang pamilihan ng mga hilaw na materyales at mga reeksport na mababa ang halagang naidagdag at iginugupo pa ng mga pautang na walang pag-asang mabayaran.

Lumiliit ang pag-eeksport ng mga manggagawa na siyang pangunahing pinagkukunan ng dolyar (kaysa sa alinmang nag-iisang produktong pang-eksport). Bunga ito ng pangkalahatang krisis ng kapitalismo, ng krisis sa Gitnang Silangan at ng malaking suplay ng murang paggawa mula sa ibang bayan.

Patuloy na bumabagsak nang mas mababa sa zero ang taunang tantos ng produktibong pag-unlad at ang taunang tantos ng kabuuang pag-unlad ng pamumuhunan sa loob ng bayan. Naglahong parang bula ang ilusyon ng muling pag-ahon ng ekonomya, na sinalamangka sa pamamagitan ng pagpalsipika ng mga datos sa diumanong paglago ng kabuuang produkto ng bayan (gross national product o GNP). Lalong hindi kapani-paniwala ngayon ang anumang pangangalandakan na may positibong tantos ng pag-unlad sa harap ng tumataas na imp lasyon, kasalatan, disempleyo, at pagbagsak ng produksyon at mga saligang serbisyong panlipunan.

Walang patumangga ang paggastos ng reaksyunaryong gubyerno nang sobra sa kita nito. Nauuwi ang malaking halaga ng gastos nito — lampas sa sahod ng mga empleyado ng gubyerno at bayad sa tunay na presyo ng mga binibiling kagamitan, materyales at serbisyo — sa bulsa ng mga tiwaling burukrata, pagbabayad ng mga utang at gastos militar.

Pinalala ng naipong lokal na utang publiko, na ngayo'y higit na sa P350 bilyon, ang problema sa utang panlabas na sa totoo'y lampas na sa US$30 bilyonkung hindi lamang dahil sa mapanlinlang na estilong-Marcos na sistema ng pagkwenta ng utang panlabas. Mabilis ang paglobo ng utang panlabas dahil sa di mabayarang serbisyo sa utang, papalaking depisit sa kalakalan, papaliit na kita mula sa pag-eeksport ng manggagawa at walang patumanggang pamamalimos para sa bagong pautang.

Anu't anuman, malinaw nang bangkrap ang reaksyunaryong gubyerno. At higit pa nitong winawasak ang sarili sa patuloy na paglalaan ng 40 porsyento ng badyet nito sa pagseserbisyo ng utang at ng 20 porsyento sa gastos militar (kasama na ang mga gastusing nakabalatkayong sibilyan). Ang Armed Forces of the Philippines (AFP) ay isa nang walang pagkabusog na lintang sumisipsip sa pambansang ekonomya kahit patuloy na tumatanggap mula sa kanilang among imperyalistang US ng mga kagamitan at panggastos sa operasy on, na kung susumahin ay halos katumbas ng pisong tinatanggap ng papet na hukbo mula sa pambansang badyet.

Nakatuon sa pagkonsumo ang mga importasyon ng ekonomyang malapyudal. Ang mga pinakaiskandalosong import ay iyong para sa bulgar na luho ng mga uring mapagsamantala at mga tiwaling burukrata. Hinihigop nito ang perang magagamit sana sa pagbili ng mga makinarya, kagamitan, pyesa, panggatong at iba pang hilaw na materyales para sa industriya, agrikultura at sektor sa serbisyo ng ekonomya. Mas masahol pa ang patakarang patayin ang mga lokal na empresa sa pamamagitan ng pagluluwag sa importasyon ng paparami nang paparaming produkto na kayang gawin sa bayan.

Tinatayang ang magiging lugi sa kalakalang panlabas sa taong 1990 ay aabot sa napakalaking halagang US$4 bilyon na wala pang kaparis sa nakaraan. Tinatayang magkakahalaga ng US$12.1 bilyon ang bayarin sa importasyon habang kikita lamang ng US$8.1 bilyon sa eksportasyon. Ang depisit sa balanse ng bayaran ay lumalaki pa habang binibimbin ng mga dayuhang nagpapautang ang kanilang pautang para makapiga pa ng higit na bentaheng ekonomiko at pulitikal, kabilang na ang pagpapahaba sa pananatili ng mga base mi litar ng US sa likod ng bagong maskara.

Lumalaki ang tubong inilalabas sa bayan at ang ibinabayad sa utang; lumalaki ang lugi sa kalakalan; nag-iimbak ng dolyar sa labas ng bayan ang mga mapagsamantala; at lumiliit ang kitang dolyar mula sa pag-eeksport ng mga manggagawa, turismo at iba pa. Ang mabilis na pagliit ng reserbang dolyar ang dahilan kung bakit ang halaga ng piso sa upisyal na palitan sa dolyar ay bumaba mula P21 hanggang mahigit P28.

Dahil nakasalig sa mga imported na sangkap, ang produksyon ng mga batayang pagkain at ang manupaktura para sa lokal na konsumo ay dumapa dahil sa kasalatan ng dolyar na pambili ng mga bagong gamit, pyesa, hilaw na materyales at panggatong. Kadalasan nahihinto at nasisira ang mga makina at kagamitan dahil sa paulit-ulit at

mahahabang brownout na bunga ng kakulangan sa panggatong. Palyado ang mga batayang serbisyo gaya ng edukasyon, kalusugan at mga kagamitang publiko (transportasyon, gas at elektrisidad , tubig, koreo, telepono at iba pa).

Ang mga natural na kalamidad gaya ng dalawang taong tagtuyot, lindol noong Hulyo, at bagyong Ruping ay nanalanta sa kabuhayan ng mamamayan at nagpadapa pang lalo sa produksyon, laluna at walang naibigay na makabuluhang tulong ang gubyerno para sa kagyat na kaginhawahan at rehabilitasyon ng mga biktima ng kalamidad. Subalit ang pinakamasasahol na kalamidad ay ang mga patakarang ipinataw ng rehimen na kontra sa pambansang industriyalisasyon, reporma sa lupa, at pagpapabuti sa kabuhayan ng taumbayan.

Ang bawat patakaran, programa at proyekto ng rehimen ay para sa benepisyo ng naghaharing pangkatin at mga amo nitong dayuhan. Ang paulit-ulit at papalaking pagtataas sa presyo ng langis at gasolina ang nag-udyok sa malawak na masa upang paulit-ulit ding maglunsad ng mga pambansang welga. Ang bawat pagtaas ng presyo ng langis at gasolina ay nagdudulot ng magkakakawing na epekto sa pagtaas ng presyo ng lahat ng mga bilihin at serbisyo sa Pilipinas. Ang mabilis na pagtaas ng presyo ng langis ay nagpapataa s din nang husto sa halaga ng pamumuhay ng taumbayan; at tuwing magbabangon ang bayan para humiling ng dagdag na sahod at pagtataas ng sweldo, pag-atake at panunupil ng pulis at militar ang sagot ng rehimen.

Pinalalaki pa ng reaksyunaryong gubyerno ang tuwiran at di-tuwirang buwis para tustusan ang mga di-produktibong gastusin. Ang di-tuwirang buwis ang pangunahing porma ng paghuthot sa taumbayan. Sa pamamagitan ng mga di-tuwirang buwis (gaya ng buwis sa benta) ang masang anakpawis ng manggagawa at magsasaka at panggitnang saray ng lipunan ay pinagbabayad ng buwis na bumubuo ng porsyento ng kanilang kita na di hamak na

mas malaki kaysa sa porsyentong ibinabayad ng mga mapagsamantalang uri. Sa gayon, lalo s ilang nabibiktima at nasasadlak sa karalitaan at kasalatan.

Malubha ang disempleyo sa hanay ng may 26 milyong pwersang paggawa. Pinaliliit ng reaksyunaryong gobyerno ang tantos ng disempleyo sa siyam na porsyento (di kapani-paniwalang mas mababa sa tantos ng disempleyo sa mga mauunlad na bansang kapitalista) at ang tantos ng kulang sa hanapbuhay o underemployed sa 33 porsyento ( kung tutuusin ay wala ring hanapbuhay). Sa katunayan hindi lamang 42 porsyento ang lahat ng mga walang hanapbuhay kundi hihigit pa sa 50 porsyento.

Kahit ang kita ng mga mayroong trabaho ay patuloy na bumababa ang tunay na halaga dahil sa napakataas na tantos ng implasyon na pinaliit sa 16 porsyento sa upisyal na tala. Ang mabilis na pagtaas ng presyo ng mga batayang kalakal ay dulot ng kakapusan at pagtaas ng halaga ng produksyon at importasyon. Lumalaki ang agwat ng arawang gastos sa pamumuhay sa naisabatas na arawang minimum na pasahod, huwag nang pag-usapan pa ang malaking mayorya ng mga manggagawang sumasahod ng mas mababa pa sa naisabatas na minimum na pasahod. Sa Metro Manila, P96 ang nakatakdang minimum na sahod subalit ang gastos sa pamumuhay para sa isang pamilyang may anim na myembro ay P176 ayon sa pagtataya noon pang Marso 1990. Sa labas naman ng Metro Manila, P96 ang nakatakdang minimum na sahod sa manggagawang di-agrikultural habang ang halaga ng pamumuhay ay P153 at ang sa manggagawang agrikultural ay P74 ang sahod subalit ang halaga ng pamumuhay ay P162.

Mabilis na nababangkrap ang maliliit at katamtaman-laking prodyuser sa kalunsuran at kanayunan. Iginugupo ang kabuhayan ng masang magsasaka ng patuloy na tumataas na halaga ng produksyon at pamumuhay. Dumami nang husto ang mga manggagawang bukid at mga maralitang tagalunsod na nabubuhay sa kahit anong pagkakakitaan at dahil sa dami nila’y wala na halos kitain ang bawat isa.

Walumpung porsyento ng populasyon ang nasa ibaba ng itinuturing na hanggahan ng ikinakategoryang maralita. Ito rin ang porsyento ng dumaranas ng malnutrisyon. Lumalawak ang mga saklaw na mayroong taggutom. Lumalaganap at tumitindi ang diskontentong panlipunan dahil sa salantang kalagayan ng ekonomya. Nagbubunga ito ng ibayong paglawak at pagtindi ng armadong paglaban at paglawak at pagtapang ng mga pakikibakang masang lokal at pambansa, sektoral at multisektoral.

Hindi pa magkasya ang naghaharing pangkating US-Aquino sa mapagsamantalang dagok ng sistemang pang-ekonomya sa taumbayan. Pinakawalan pa ng rehimen ang pinalakas na pwersang militar at paramilitar kasama na ang pulisya para supilin ang taumbayan, patayin at saktan sila, at sirain ang kanilang kabuhayan. Mas masahol pa sa rekord ng rehimeng Marcos ang tantos ng mga paglabag sa mga karapatang pantao ng kasalukuyang rehimen.

Nalampasan na ng rehimeng US-Aquino ang rekord ni Marcos sa mga pwersahang pagpapalikas sa masa at pagtatayo ng mga strategic hamlet; pagwasak sa mga tahanan at ari-arian ng mga sibilyan sa pamamagitan ng mga atakeng panghimpapawid, panganganyon, pambobomba, pagpapaulan ng punglo at panununog; asasinasyon ng mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon, mga kasapi ng mass media, mga taong simbahan, mga abugadong nagtataguyod ng mga karapatang pantao; pagbitay sa mga bihag na di dumadaan sa huku man at di-maipaliwanag na pagkawala.

Ang masang anakpawis ng manggagawa at magsasaka at ang mga walang hanapbuhay ang pinakamatinding tinatamaan, at kung gayon ay siyang pinakagalit sa papalalang krisis na sosyo-ekonomiko at papatinding pang-aapi at pagsasamantala. Sa kabila ng mga panunupil, isinusulong pa rin nila ang pakikibaka para sa makatarungang kahilingan para sa pagpapahusay ng kondisyon ng paggawa at pamumuhay, trabaho para sa

walang hanapbuhay, lupa para sa walang lupa; at lumalaban sila para itaguyod at isulong ang kanilang ma kabayan at demokratikong mga karapatan at interes.

Sa hanay naman ng mga panggitnang saray ng lipunan, nangunguna sa kilusang masa ang mga gurong pampubliko at iba pang kawani ng gobyerno. Napakaliliit ng kanilang sweldo samantalang laging may pondo para sa mga mataas na bulok na upisyal, para pambayad sa mga utang, at para sa gastusing militar. Kaya sila ay naglulunsad ng mga militanteng aksyong protesta na nagbibigay inspirasyon sa lahat ng mga nasa panggitnang saray ng lipunan at iba pang seksyon ng sambayanan.

Ang pagkabangkrap sa pinansya at ekonomya ng reaksyunaryong gobyerno, ang walang patumanggang korupsyon ng pamilyang Cojuangco-Aquino at mga kasamahan nila, ang kawalan ng repormang panlipunan, ang malaganap na paglabag sa mga karapatang pantao at kalayaang sibil, at ang lantarang pagkatuta sa Estados Unidos sa mga usapin ng dominasyon ng US sa ekonomya at sa base militar ng US ay naghihiwalay sa naghaharing pangkating US-Aquino sa sambayanan.

Nililimitahan ng krisis na sosyo-ekonomiko ang batayan ng maayos na pagkakasundo ng mga pangunahing paksyong pulitikal ng mga mapagsamantalang uri, kahit pa nakapagdaos sila kamakailan ng isang ipokritong kasunduan laban sa paggamit ng karahasan. Ang pagkakahiwalay sa mamamayan ng naghaharing pangkating Aquino dahil sa pagkatuta, korupsyon, kawalang kakayahan, pagiging brutal at pagkasinungaling ay nagbubunga ng pagkakawatak-watak ng koalisyong nagluklok kay Aquino sa kapangyarihan noong 1986 sa paraan g ekstralegal, ng higit na pagkakabiyak-biyak ng AFP at ng mas marahas pang labanan para sa kapangyarihan ng iba't ibang reaksyunaryong paksyong pulitikal.

Kahit sa loob ng naghaharing pangkatin, matindi ang pag-aalala ng presidente sa hayagang ambisyon ng Kalihim ng Tanggulan na si Heneral Ramos at ng Ispiker ng Kamara ng mga Representante na si Mitra na kapwa naglalaway na

makapalit sa kapangyarihan. Kinatatakutan si Ramos bilang karibal sa pulitika dahil kaya niyang magkudeta nang nagkukubli sa kontra-kudeta.

Dagdag pa sa mga mas litaw na lider ng oposisyon na sina Pangulo ng Senado Salonga (Liberal Party), Senador Estrada (Liberal Party), at Senador Pimentel (PDP-Laban) na nagnanais maging presidente sa pamamagitan ng eleksyon dahil wala silang sandatahang lakas, mayroon pang mga lider oposisyon na dikit sa mga paksyon sa loob ng AFP at mga armadong organisasyon sa labas ng AFP at puspusang nakikipagtunggali sa naghaharing pangkatin. Kabilang rito sina Senador Enrile (Nacionalista Party) at Eduardo Cojuang co (Filipino Party), isang pangunahing karantso at tagapagmana sa pulitika ng nasirang Pangulong Marcos.

Takot na takot ang naghaharing pangkatin na mapatalsik sa pamamagitan ng kudeta, laluna pagkatapos ng tangkang kudeta noong Disyembre 1989. Ang takot sa mga tangkang kudeta at mga aksyong protesta ng masa ay nagbunsod sa naghaharing pangkatin na italaga sa national capital region ang 15,000 tropang pandigma (mahigit sa 25 batalyon) o isangkapat ng kabuuang epektibong pwersang pandigma ng AFP.

Ngunit mayroong limang paksyon sa loob ng AFP. Nariyan ang paksyong Aquino (Hen. Nazareno, Filart, Flores, at Biazon); ang paksyong Ramos; ang paksyong Enrile na kilala bilang Reform the Armed Forces Movement (RAM) na pinamumunuan ni Col. Honasan; ang paksyong Marcos na kilala bilang Soldiers of the Filipino People (SFP), na pinamumunuan ni Hen. Jose Maria Zumel; at ang Young Officers Union (YOU) na nag-aastang anti-imperyalista at gustong sumakay sa disgusto ng mga tropang kakarampot ang sweldo.

Matindi ang demoralisasyon sa loob ng AFP at malaganap ang pagdududahan ng mga upisyal at tauhan. Ang pagtatayo ng Counter Intelligence Command na kapantay at hiwalay sa Intelligence Services ng AFP para mag-tsek sa katapatan at magsagawa ng mga witchhunt ay lalong nagpalala sa demoralisasyong bunga ng paksyunalismo, mga tangkang

kudeta, korupsyon, mababang sahod, paparaming pinsala (patay at sugatan) sa digmaan, brutalidad, at iba pa.

Walang katiwa-tiwala ang naghaharing pangkatin sa paksyung-paksyong AFP. Kaya't kahit isangkapat na ng mga epektibong pwersang pandigma ng AFP ang nasa national capital region, mas pinagtitiwalaan pa nila ang tinatawag na yellow army at ang Marcial Bonifacio Brigade na mga pribadong pwersang ang panata ay panatilihin si Aquino sa poder.

## II. Pamunuan ang Masa, Ilunsad ang mga Opensiba

Ang kasalukuyang obhetibong kalagayan sa bayan ay paborable para sa mapangahas na pagsulong at pagkakamit ng ibayong tagumpay ng mga pwersang rebolusyonaryo at mamamayang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Mayroong rebolusyonaryong agos sa sitwasyong pampulitika ng Pilipinas na kagaya noong mga taong 1983-86. Dapat pamunuan ng Partido ang masa at ilunsad ang mga opensiba.

Para matiyak ang pamumuno ng Partido sa rebolusyonaryong kilusang masa at mapanatili ito sa wastong landas, kailangang walang tigil na ipalaganap ng Partido ang mga batayang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo kapwa sa antas ng teorya batay sa mga turo ng mga dakilang lider komunista at sa mga usaping praktikal ng nagpapatuloy na krisis panlipunan at rebolusyonaryong pakikibaka; pukawin, organisahin at pakilusin ang masa alinsunod sa pangkalahatang linya ng rebolusyong pambansa-demokratiko; at irekluta ang mga pinakaabanteng elemento mula sa kilusang masa at iba pang larangan ng gawain para maging kasapi ng Partido at magsilbing gulugod ng rebolusyon.

Patatagin ang Partido batay sa naipon na nitong lakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, iwasto ang mga kamalian at pagkukulang sa lahat ng larangan at pangibabawan ang mga ito upang maisulong ang rebolusyon. Kailangang isakatuparan ang mga tungkuling ito habang ang mga rebolusyonaryong pwersa ay naglulunsad ng mga opensiba bilang tugon sa napakainam na sitwasyon at kahilingang popular.

Kailangang tiyakin ng Partido na naaasikaso ang lahat ng aspeto at rekisito ng rebolusyonaryong kilusan at balansyadong umuunlad ang kilusan sa pamamagitan ng pagbibigay ng edukasyon sa mga kadre at kasapi ng Partido at pag-oorganisa sa kanila sa loob ng Bagong Hukbong Bayan, iba pang organisasyong rebolusyonaryo at progresibo at sa mga lokalidad.

Dalawang tipo ng opensiba ang dapat ilunsad: mga armadong taktikal na opensiba sa kanayunan at mga malakihang aksyong masa sa national capital region at iba pang kalunsuran. Sa pamamagitan ng mga armadong taktikal na opensiba, nalilikom ng Partido, ng BHB at ng taumbayan ang mga armas para sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Sa pamamagitan ng mga malakihang aksyong masa, napupukaw at napapakilos ang mamamayan sa buong bayan. Mula sa dalawang kapwa dramatikong aksyong ito, humahango ng higit na l akas ang Partido, ang Bagong Hukbong Bayan, ang National Democratic Front at iba pang rebolusyonaryong pwersa.

Ang ilan sa mataas na upisyal ng reaksyunaryong hukbo, laluna ang paalis na Chief of Staff ng AFP na si Hen. de Villa ay nagpahayag sa madla na di uubra at walang-saysay ang inilulunsad na “total war policy” na naglalayong wasakin ang hukbong bayan at ang pampulitikang baseng masa nito bago 1992. Ang sinisisi nila sa kabiguang gapiin ang armadong rebolusyon ay ang krisis pulitikal at sosyo-ekonomiko, laluna ang kawalan ng mga repormang sosyal at ang marahas na paksyunalismo sa loob ng AFP. Nagsasabi si la ng tapat, kahit ang layunin lamang ay ipasa kay Aquino ang sisi.

Sa kabila ng malaking dagdag sa tropang lakas ng AFP mula 160,000 noong 1986 patungong 200,000 noong 1990, ang maximum na kakayahan ng kaaway ay nalimitahan sa 60,000 epektibong tropang pandigma na nasa mahigit 100 batalyong pangmaniobra (77 noong 1986) na nakakonsentra sa ilang bahagi ng sampu hanggang labingdalawa sa mahigit

60 larangang gerilya ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Ang timbangan ng mga tropang pansuporta sa mga epektibong pandigma ay 3.3 : 1 — mas mababa at mas banat kaysa mga dati ng timbangan. Higit pang nalilimitahan ang epektibidad ng AFP ng mga sanhi ng demoralisasyon gaya ng pagbilanggo sa daan-daang upisyal at tauhan at mga panloob na “witchhunt” at nangingibabaw na klima ng di-pagtitiwalaan.

Kahit sa mga lugar na ang mga pwersa ng kaaway ay nakakonsentra at kiling sa pananatili nang matagalan (isa, dalawa o tatlong taon), para maisakatuparan ang “gradual constriction” (“dahan-dahang pang-iipit”) at “clear-hold-consolidate-and develop” (kampanyang “linisin, hawakan, ikonsolida at paunlarin”), ang kaya lamang nilang gawin ay yurakan ang mga karapatang pantao, itaboy ang hukbong bayan nang pansamantala at pilayin o sirain ang mga rebolusyonaryong organisasyon, kadalasa’y sa pamamagitan ng pwe rsahang pagpapalikas sa masa o pwersahang pag-iipon sa kanila sa mga strategic hamlet.

Maging sa mga lugar na may malaking lamang sa militar ang pwersa ng kaaway, nagagawa pa ring lumaban ng hukbong bayan at ng taumbayan sa iba’t ibang pamamaraan. Pwedeng tumugon ang kaaway sa anumang paraan, higit na magtagal o umalis sa lugar. Kung mananatili sila, iiwan nilang nakatiwangwang ang ibang lugar sa loob ng larangang gerilyang iyon at sa iba pang larangang gerilya. Kung hindi naman sila magtatagal, umaalis silang bigo at may mga pinsala.

Sa pambansang saklaw ang hukbong bayan ay nakapagpatunay na hindi ito madudurog at patuloy na nakapag-iipon ng lakas habang umaasa ito sa sambayanan at sa kanilang lahatang panig na pagtataguyod at pleksibleng ginagamit ang taktikang gerilya ng pagkonsentra, pagkalat at paglipat, ayon sa kalagayan.

Ngayo’y halos isang-kapat ng epektibong pwersang pandigma ng kaaway ang nakatalaga sa national capital region at demoralisado rin sila kagaya ng mga tropang nakakalat sa malawak na kanayunan. Ang pagbabago sa disposisyon ng pwersa ng kaaway ay nakakademoralisa at nakakasama sa kanila

nang gayon na lamang dahil na rin sa krisis ng sistema, mga bantang kudeta dala ng paksyunalismo sa loob ng AFP at lumalaking mga aksyong protesta ng masa.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay may ginintuang pagkakataon para ilunsad ang mga taktikal na opensiba nang mas madalas sa mga rehiyong kanayunan sa labas ng punong lunsod. Sa pamumuno ng Partido, pwedeng tukuyin ng Pangkalahatang Koman ng Bagong Hukbong Bayan, sa tulong ng mga panteritoryong komisyon ng Partido, mga panrehiyong komite ng Partido at mga panrehiyong koman, ang mga pangunahing target para sa mga tambang, reyd, sabotahe at aresto.

Ang mga kampanya ay pwedeng planuhin nang mas maaga ng nakatataas na mga pamunuan ng Partido at nakatataas na mga koman sa pangkalahatang hugis ng mga iyon batay sa pinakamahusay na impormasyong makakalap. Subalit ang pagsasakatuparan ay nasa nakabababang mga pamunuan ng Partido at mga nakabababang koman na tuwirang namumuno sa mga yunit, maging grupo, iskwad, platun, kumpanya, o anumang mas malaking kumbinasyon para sa mga operasyong opensiba, maliban lamang kung ang isang operasyon ay may natatanging kahalagahan para mangailangan ng pinakamahigpit na ispesyal na atensyon ng nakatataas na koman.

Kahit ang panawaga’y pabilisin ang paglulunsad ng mga armadong taktikal na opensiba, dapat magkaroon ang Partido at ang BHB ng lahatang pananaw sa sitwasyon natin at ng kaaway, iba’t ibang salik ng sitwasyon natin at iba’t ibang rekisito para makasulong ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa at para mapaigting ng hukbong bayan ang mga opensiba.

Ang Partido at ang BHB ay magkaiba pero hindi hiwalay na organisasyon. Maling gawing lubusang pareho o pag-isahin ang mga organo ng dalawa dahil kapag ang organo ng Partido ay nalulong lamang sa pamumuno sa gawaing militar, mapakikitid ang lahatang-panig na pananaw ng Partido. Subalit mali rin na tingnan ang BHB na hiwalay sa Partido. Ang BHB ang pinakamalaking pormasyong masa na pinamumunuan ng Partido

at pangunahing bisig din ng Partido sa pag-abot at pag-oorganisa sa masa sa malawakang saklaw sa ka nayunan.

Bilang isang natatanging organisasyong panlaban sa kaaway, ang BHB ay may sariling tulak para pataasin ang mga pamantayan ng koman, ang pagtatalaga sa mga yunit, ang pagsasanay na pulitiko-militar, ang kakayahan at teknik sa operasyon, at ang mga rekisito at kapasidad sa lohistika. Nasa Partido ang komrehensibong responsibilidad na pamunuan at tiyakin ang mahusay na balanse at timpla ng pag-unlad ng BHB at ng buong rebolusyonaryong kilusan batay sa hawak na mga tauhan, rekurso at mga sirkunstansya ng k asalukuyang pangkalahatang yugto at partikular na bahagi ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Sa pambansang saklaw nakayanan ng Partido, ng iba pang rebolusyonaryong pwersa at ng taumbayan sa mga larangang gerilya na harapin ang mga atake ng kaaway, ipreserba ang lakas, bawiin ang mga pagkatalo sa ilang lugar sa pamamagitan ng mga tagumpay sa ibang lugar, mabawi ang dating naiwanang mga lugar, pandayin ang sarili at ibayong palakasin ang kakayahan sa pamamagitan ng pag-agaw ng inisyatiba laban sa kaaway.

Ang mga armadong taktikal na opensiba ay maaaring tuluy-tuloy na ilunsad hanggang kayang maipanalo; at ang papalaking bilang ng armas ay maaaring partihin sa isang balansyadong paraan sa mga mas malaking panlabang yunit, mga mas maliit na lokal na yunit at milisya. Kailangan ding pag-ibayuhin ng Partido ang pagbibigay ng edukasyon at pag-oorganisa sa masa at ang pagrekluta ng mga kasapi ng Partido.

Ang mga bagong tagumpay ay kailangang ikonsolida at muling ipakat para sa malawakan at masinsing pakikidigmang gerilya. Kailangang paduguin ang kaaway sa pinakamaraming bahagi ng kanyang katawan bagamat pwedeng tirahin siya sa ulo kailanman uubra.

Katuwang ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, kailangang isakatuparan ang reporma sa lupa sa hanay ng

masang magsasaka; buuin ang mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, bata at aktibistang kultura; at itayo ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika, na may mga katulong na komiteng umaasikaso sa mga organisasyong masa, edukasyong publiko, kalusugan, reporma sa lupa, produksyon, pinansya, seguridad, arbitrasyon, gawaing pangkultura, ekolohiya, at mga ka tulad na iba pa.

Higit na pagsisikap ang kailangang iukol sa pagpapabilis ng pagpapalawak at pagpapalalim ng baseng masa ng armadong rebolusyon sa kanayunan. Mahalaga sa patuloy na pagsulong ng pakikidigmang gerilya at pagpapaunlad ng mga rekisito sa mas mataas na antas ng rebolusyonaryong digma ang patuloy na pagpapataas sa antas ng baseng masang ito sa organisasyon, pulitika, ekonomya, kultura at militar.

Nakapagdaos kamakailan lang ng kongreso ang National Democratic Front. Ito'y pasulong na hakbang ng rebolusyonaryong kilusan. Ang NDF ang pinakakonsolidadong organisasyong nagkakaisang prente ng mga batayang pwersa para sa armadong rebolusyon. Kaalinsabay, maituturing itong preparasyon at inaasahang suporta sa demokratikong gubyernong koalisyon sa darating na panahon.

Bilang namumunong partido sa koalisyong NDF, sa malawak na nagkakaisang prente at sa buong rebolusyonaryong kilusan, kailangang engganyuhin ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pamunuan ng NDF na magbuo ng mga pambansang komite o grupo para mag-aral sa mga isyung pambansa at magbalangkas ng mga patakaran at atas; at para sumubaybay, bumatikos at sumalungat sa mga patakaran ng reaksyunaryong gubyerno at mga departamento nito.

Kailangang magsikap ang NDF sa pag-oorganisa at pagpapalakas sa sariling mga konsehong teritoryal nito, mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga lihim na organisasyong masa sa iba't ibang antas at gumawa ng mga patakaran at pamantayan kaugnay ng mga ito.

Ang NDF ay hindi pa ang gubyernong bayan, bagama't ito ay hinirang upang katawanin ang lahat ng rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan ng Partido sa usapang pangkapayapaan sa reaksyunaryong gubyerno. Malamang, ang gubyernong bayan sa pambansang antas ay mabubuo pagkaraang dumaan sa mga sumusunod: ang NDF, isang asembleyang konsultatibo ng bayan at isang rebolusyonaryong gubyernong probisyunal.

Ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado ang nangangasiwa sa pamamahala saanman at kailanman hindi pa naililipat ang mga gawaing gubyerno sa isang representatibong organo ng kapangyarihang pampulitika. Kahit sa mga lugar at panahong nakatayo na ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, ang Partido ay laging nasa bag-as nila at gumagampan ng papel ng namumunong partido sa pamamagitan ng inisyatibang pulitikal, demokratikong talakayan at masigasig na pagkilos at hindi sa pamamagitan ng anumang ma gaspang na burukratikong pamamanginoon o istilo.

Ang mga namumunong organo ng PKP at NDF sa bawat antas ay dapat magkonsultahan nang regular at tuwing kinakailangan, kapag may mga mahalagang inisyatiba o kung may tunggalian sa pagitan ng mga kadre ng PKP at NDF, dahil ang Partido ang epektibong pinuno ng rebolusyonaryong kilusan at kaalinsabay ay kasaping organisasyon ng NDF.

Buo ang tiwala ng Partido na ang NDF ay makapagpapaunlad bilang isang namumukod na organisasyong nagkakaisang prente, makapagtitipon ng lakas at mga tungkuling tunay na kanya at makikipagsuportahan at makikipagtulungan sa Partido. Lalong mapalalapad ng NDF ang nagkakaisang prente sa pamamagitan ng pagtatayo o paghikayat ng mga dagdag na kasaping organisasyon o di kaya'y sa mas madaling paraan ng pakikipagrelasyong bilateral o multilateral sa ibang mga organisasyon sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga lupo ng konsultatibo o pangkoordina o mga grupong tagapag-ugnay.

Gaya ng pagkakaroon ng panawagan sa mas maigting na mga armadong taktikal na opensiba sa kanayunan, mayroon

ding panawagan sa mga malakihang aksyong masa sa larangang ligal. Nais ng malawak na masa ng sambayanan ang mga ito upang magamit ang kanilang kapangyarihan, labanan ang lubhang sumasahol na pang-aapi at pagsasamantala at puntiryahin ang mas maaliwalas na pamumuhay na may pambansang kasarinlan, demokrasya, kasaganaan at katarungan.

Ang patakarang "total war" ng pangkating US Aquino ay naglalayong supilin, siraan, at ibukod ang mga ligal na pwersang demokratiko ng mga magsasaka, kabataan, kababaihan, guro, manggagawa, iba pang propesyunal at makabayang negosyante. Subalit ang mga progresibong organisasyon ay nanindigan at nakapagpalakas pa sa mga sarili. Kagaya noong mga huling taon ng rehimeng US Marcos, nasa unahan silang muli ng mga aksyong masa laban sa rehimeng US-Aquino.

Habang ang naghaharing pangkating Aquino ay bingi sa mga protesta at kahilingan ng taumbayan at patuloy na nagpapatupad ng mga patakaran at gawaing sagad sa pagiging mapanupil at mapagsamantala sa kanila, ang malawak na masa ng sambayanan ay patuloy na magbubunsod ng mga aksyong masa at ang mga aksyong ito ay dadalas, lalaki at titindi.

Hindi malayong ang naghaharing pangkatin ay mapatalsik o mapwersang magbitiw bago matapos ang takdang tagal ng panunungkulan nito. Sa oras na makapagmobilisa ang mga ligal na pwersang demokratiko ng 100,000 myembro nila mula sa Metro Manila, Gitnang Luson at Timog Luson para sa isang sentral na aksyong masa sa palibot ng palasyong presidensyal, daan-daang libo pang mamamayan ang ispontanyong lalahok dito. Maaari pang dagdagan ito ng masang tagasunod ng mga reaksyunaryong anti-Aquino. At kung magkakagay on, si Aquino ay pwedeng piliting mamili sa pagitan ng kusang pagbitiw sa poder o paggawa ng pinakamalalang pagkakamali sa kanyang buhay at ito'y ang pag-atake sa taumbayan.

Maaari ring gamitin ni Hen. Ramos ang kanyang pagkakatalaga bilang pangalawang punong-kumander upang maglunsad ng kudeta na nakabalatkayong pagkontra sa kudeta o sa anarkiya. Matapos bolahin ni Aquino na siya ang mas gusto kaysa kay Mitra na makahalili bilang presidente, nainis si Hen. Ramos dahil ang kanyang Konstabularya ay nalusaw na sa ilalim ng bagong Departamento sa Interyor at Gubyernong Lokal at ang kanyang mga loyalistang upisyal at ispesyal na pwersang pang-aksyon ay pinagkakatkat. Nagpapasim uno ngayon si Ramos ng kampanyang pagpapapirma para sa pagbibitiw ni Aquino at kandidatura niya sa pagkapresidente.

Hindi matitinag ang ligal na demokratikong pwersa ng anumang pangambang si Aquino, Ramos o anumang grupong militar ay magpapataw ng isang paghaharing higit pang mapanupil kaysa sa umiiral na. Ang taumbayan ay itunutulak ng mga makatarungan at makatwirang kahilingan bunga ng kanilang karukhaan at paghihirap. Hindi na makakalimutan ng bayan ang kilusang masa at ang pag-aalsang bayan na nagpahina at nagpabagsak sa rehimeng Marcos. Nauunawaan nila na lalong lumalakas ang mga ligal na pwersang demokratiko h abang nagsasagawa ng mga aksyong masa at pinag-iibayo ng mga aksyong masang ito ang inisyatiba ng mamamayan at inihahanda sila para sa ubos-kayang pakikibaka laban sa kahit pinakamasahol na mga pakana ng mga reaksyunaryo.

Higit pa rito, ang mga aksyong masang ito at ang pangamba sa kudeta ay nagtatali ng malaking bahagi ng mga armadong pwersa sa mga lunsod at mga pangunahing linya ng komunikasyon at transportasyon at nakatutulong sa hukbong bayan at mga rebolusyonaryong pwersa na magkamit ng mga tagumpay sa kanayunan at makapag-ipon ng armadong lakas para sa pinal na pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika, posible sa loob ng dekadang ito.

Ang isa pang pwersa na nakapagtatali sa malaking bahagi ng reaksyunaryong hukbo sa mga lunsod at mga

pangunahing linya ng komunikasyon at transportasyon ay ang mga armadong partisano sa syudad. Mapatitindi nila ang mga piling operasyon para parusahan ang mga pinakamasahol na kaaway ng bayan at isabotahe ang mga instalasyon na ang pagkasira ay hindi makasasama sa taumbayan.

Dapat hayaan ng mga armadong partisano sa syudad na sumulong ang mga malakihang aksyong masa at iwasang makapagbigay sa kaaway ng pagkakataong atakihin ang mga ligal na pwersang demokratiko sa pamamagitan ng brutalidad o propaganda. Ang mga aksyong opensiba ng mga armadong partisano sa syudad ay kailangang sumusuporta subalit hindi hayagang nakaugnay sa anumang aksyong masa alinsunod sa linyang ang ligal at depensibong pakikibaka ang prinsipal na anyo ng pakikibaka sa mga kalunsuran.

Masusukat ang tagumpay ng ligal na kilusang demokratiko sa paglaki ng bilang ng taumbayang lumalahok sa mga aksyong masa. Kung pisikal na sasalakayin ng pulisya at mga tropang militar, ang mga di-armadong demonstrador ay malinaw na nakikita bilang biktima at nagtatamo ng mas malawak na simpatiya mula sa taumbayan. Subalit kung ang ilang armadong elemento ay sisingit sa hanay ng mga demonstrador, makapaglulunsad ang kaaway ng mga brutal na pag-atake at magtatangkang makalamang sa propaganda. Dahil dito, kailangang bantayan at pangalagaan ng mga ligal na pwersang demokratiko ang sariling hanay.

Ang mga reaksyunaryong lider oposisyon na pumirmang kasama ni Aquino sa isang diumanong kasunduan sa di paggamit ng dahas ay umaasang ang rehimen niya ay patuloy na mabubulok nang mabilis at mapipilitan siyang magpatawag ng maagang halalang presidensyal sa 1991 o wakasan ang kanyang panunungkulan sa kahihiyan sa halalan sa 1992. Pinaghahandaan na nila ang alinman sa dalawang posibilidad at nagnanais na di matinag ang sistemang inaasahan nilang pagharian.

Kailangang maghanda rin ang mga ligal na pwersang demokratiko sa labanang elektoral sa anumang panahon. Maaari silang magbuo ng alyansang elektoral at gumawa ng sariling

programa para pag-ibahin ang kanilang sarili sa lahat ng reaksyunaryong partido; subalit maaari ding magbuo ng dagdag pang alyansa sa mga partidong di gaanong reaksyunaryon batay sa minimum na programa upang mapalaki ang pagkakataong mahalal ang makabuluhang bilang ng mga progresibong kandidato.

Ang pagpapalaki ng pagkakataong mahalal ay nangangahulugan ng pag-abot sa mas maraming tao, pagbigo sa pandaraya at terorismo na laging ginagamit ng mga reaksyunaryo laban sa mga progresibong nasa makitid na alyansa at pagmaksimisa sa halaga at epekto ng kanilang kakarampot na rekursong materyal.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay hindi maaaring lumahok sa pakikibakang elektoral dahil una, ito'y iligal at pinagbbabawalang gawin iyon. Pero hindi nito sinasagkaan ang mga ligal na demokratikong pwersa at hindi sila pinipigilan ni sinisiraan ng loob na magkaroon ng bahagi sa reaksyunaryong gubyerno upang punahin at salungatin ang mga reaksyunaryong patakaran, magharap ng mga makabayan at progresibong kahilingan at itulak ang mga makabuluhang reporma. Kaalinsabay, patuloy na ituturing ng Partido a ng eleksyon bilang isang sarswela habang ang prosesong elektoral ay kinokontrol, minamanipula at dinodomina ng mga pulitikong kabilang sa mga naghaharing uri.

Ang paglahok sa anumang ligal na porma ng pakikibaka, kahit ito'y isang aksyong protesta ng masa, kampanyang elektoral, pagkilos sa isang reaksyunaryong institusyon o ligal na pagtatanggol ng isang detenidong rebolusyonaryo ay pagsasaalang-alang sa pagiging dominante ng mga reaksyunaryo. Ang pagkakaiba ng mga rebolusyonaryo't progresibo sa mga repormista ay nasa patuloy na pagpuna at paglaban ng mga rebolusyonaryo't progresibo sa reaksyunaryong sistema at hindi pag-iisip na pwedeng pundamental na maba go ang sistema mula sa loob bagama't iginigiit nila ang mga batayang reporma kahit man lamang sa layuning pukawin, organisahin at pakilusin ang masa; habang ang mga repormista naman ay tuluy-tuloy na

nagpapalagay na ang serye ng mga reporma ay pwedeng unti-unti at mapayapang makapagbabago ng reaksyunaryong sistema sa saligan o di kaya, ang mga saligang reporma ay matatamo lamang sa loob ng sistema.

Tumatampok na muli ang pakikibaka para sa makatarungang kapayapaan matapos ang pagkabigo ng usapang pangkapayapaan noong 1986-87 sa pagitan ng reaksyunaryong gobyerno at ng NDF.

Kailangang malinawan ng lahat na isang patuloy na linya at patakaran ng kilusang rebolusyonaryo na ipaglaban ang isang makatarungang kapayapaan. Ang pinakamahusay na kalagayan para umiral ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan ay ang ganapna tagumpay ng rebolusyong pambansa-demokratiko at ang pagkalutas ng mga batayang suliranin ng sambayanan.

Subalit kahit hindi pa makakamit ang ganap na tagumpay, ang mga usaping pangkapayapaan ay kanais-nais at kailangan sa ilang kalagayan gaya ng kung padudulasin nito ang ibayong pagsulong o ganap na tagumpay ng rebolusyon, kung kailangang makipag-alyansa sa kalaban upang harapin ang mas malaki at mas masahol na kaaway, kung may sapat na pagkakataon para makakuha ng mga mahalagang repormang panlipunan na mapagkakasunduan at kung ninanais ng rebolusyonaryong kilusan na ipakita ang makatarungan at makatwir ang pusisyon nito laban sa mga pagpapanggap ng kaaway sa kapayapaan.

Ang katapatan ng rebolusyonaryong kilusan sa usapang pangkapayapaan ay di masusukat sa pagpayag nitong isuko ang armas at wakasan ang armadong rebolusyon. Nasusukat ito sa paghingi ng solusyon sa mga saligang suliraning pambansa at panlipunan na siyang maglalatag ng mga salalayan para sa makatarungan at matagalang kapayapaan. Kung tutuusin, kailangang patindihin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang armadong pakikibaka at ang iba pang porma ng pakikibaka upang itulak ang kaaway na seryosohin ang pakikipag negosasyon at pumayag sa mga makabuluhang adyenda na iginigiit ng sambayanan.

Maaaring interesado o hindi ang naghaharing pangkating Aquino sa seryosong usapang pangkapayapaan. Pwedeng nagpapanggap lamang si Aquino na interesado sa usapang pangkapayapaan sa pag-aakalang sa gayo'y mapalilipas ang panlipunang krisis na rumaragasa ngayon, masasagkaan ang paglapad ng alyansa laban sa kanyang rehimen, mahahati ang rebolusyonaryong kilusan at maipagwawagi sa negosasyon ang di kayang ipagwagi sa digmaan.

Kasalanan na ng rehimeng Aquino kung mamaliitin nito ang krisis panlipunan at ang galit ng taumbayan at tatanggihan ang usapang pangkapayapaan sa labas ng bayan batay sa balangkas na katanggap-tanggap sa magkabilang panig, na ang pangunahing katangian ay ang adyendang humaharap sa mga ugat ng gyera sibil.

Tumanggi man ang rehimen sa usapang pangkapayapaan, nakikinabang na ang NDF sa pamamagitan ng paglilinaw nito sa mga mahalagang isyu at tamang balangkas sa negosasyon; sa pagpapasigla sa pagpapalawak ng nagkakaisang prente alinsunod sa linya ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan at sa pagtatamo ng pagkilala at suporta sa kanyang makatarungan at makatwirang pusisyon mula sa malawak na masa ng sambayanang Pilipino at mula sa komunidad na internasyunal.

Itinutulak ng Partido ang lahat ng porma ng pakikibakang legal na nagtataguyod, nagtatanggol at nagsusulong ng pambansa-demokratikong karapatan at kahilingan ng sambayanan at sinisikap nitong ipaloob sa Partido, NDF at BHB ang mga pinakaabanteng elemento sa mga ligal na pwersang demokratiko.

Ang papataas na pag-unlad ng inter-aksyon ng rebolusyonaryong pakikibakang armado at ng ligal na kilusang demokratiko ay talagang mahalaga sa pagsusulong ng rebolusyonaryong adhikain ng sambayanang Pilipino. Ang armadong pakikibaka ang pangunahing porma ng pakikibaka dahil ito ang dudurog sa pangunahing bahagi ng reaksyunaryong kapangyarihang estado at magpapasya sa sentral na usapin ng rebolusyon na walang iba kundi ang pag-agaw ng pampulitikang

kapangyarihan mula sa mga uring mapagsamantala. Subalit ang armadong pakikibaka ay hindi magtatagumpay kung walang katuwang na suporta ng ligal na kilusang demokratiko na nakabase sa kalunsuran at ng masikhay na gawaing masa sa kanayunan.

Alam natin ang ating kasalukuyang lakas. Ang pakikibaka laban sa naghaharing pangkating US-Aquino ay maaaring magbunga ng ibayong paglakas natin. Subalit huwag tayong magkaroon ng ilusyon na ang pagpapatalsik o pwersadong pagbibitiw ng pangkating ito ay agad magluluwal ng ganap na tagumpay ng rebolusyong pambansa-demokratiko. Kailangan ang higit pang panahon at pagsisikap upang matipon ang mga tagumpay at lakas para sa huling opensiba tungo sa ganap na tagumpay ng digmang bayan.

## III. Lumalala ang Krisis sa Daigdig

Patuloy ang paglala ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Ito ay ang krisis ng labis na produksyon na iniinda ng mga naunang kapitalistang bayang industriyal, mga bagong nag-iindustriyalisang ekonomya, halos lahat ng atrasadong bayan ng ikatlong daigdig, mga dating sosyalistang bayan at mga sosyalistang bayan.

Ang sobrang suplay sa pamilihan ng mga produktong industriyal at hilaw na materyales ay sakit ng ulo ng bawat bayan sa daigdig na nasa ilalim pa ng dominasyon ng kapitalismo, lalo ngayong may tunguhing pagsuko sa mga bayang dati-rati'y matibay na humahawak sa anti-imperyalismo at sosyalismo. Oo nga't may pagdarahop at kahirapan sa mga mamamayan sa karamihan ng bayan subalit ang kapitalistang batas sa pagkakamal ng tubo ay sumasagka sa makatarungang distribusyon ng anumang malilikha batay sa magagamit n a mga kasangkapan sa produksyon.

Upang itulak ang pagpapataas sa kakayahan sa produksyon at pagbebenta ng mga surplas na produkto, inabuso nang husto ang pinansyal na sistema ng pagpapautang. Bawat pagtatangkang kontrolin ang implasyon at ang mga pautang na

di mababayaran ay nagbubunga ng tunguhing resesyon at naglalantad sa mga limitasyon ng kapitalistang pamilihang pandaigdig.

Noong administrasyon ni Reagan, nalulong ang Estados Unidos sa bigay-todong paggastos sa militar at malakihang importasyon para tustusan ang labis na pagkonsumo kaya't napag-iwanan sila sa produksyon ng mga produktong maikakalakal. Bunga nito, lumaki nang lumaki ang mga depisit ng US sa badyet at kalakalan. Ito'y naging bayang pinakamalaki ang utang. Hindi nito malulutas ang kanyang matinding suliranin sa pinansya ni mapipigilan ang paghina ng kanyang mga industriya kung hindi nito mapasisiglang muli a ng kakayahang lumikha ng mga produktong maikakalakal, maitataguyod ang sariling mga eksport at mababawasan ang mga import. Ang naipong mga suliranin nito sa pinansya ang sumasagka sa pagsisikap nitong makapagpalawak ng produksyon.

Kung makaahon ang Estados Unidos sa paghina ng industriya, ang susunod na suliranin ay kung saan dadalhin ang mga eksport ng Japan at Kanlurang Europa at ng mga bagong nag-iindustriyalisang bayan. Karamihan naman ng mga atrasadong bayan ng ikatlong daigdig ay lubog at gupo sa utang panlabas na ginamit sa labis na konsumo ng iilan, mga imprastraktura at pagtatayo ng labis na kapasidad sa produksyon ng mga hilaw na materyales.

Dahil sa sobrang suplay ng mga hilaw na materyales sa pamilihang pandaigdig, ang mga bayan sa Katimugan ay pinahihirapan ng napakababang presyo ng mga eksport na katipo ng sa kanila, hindi makabayad sa mga utang at hindi maaaring maging papalapad na pamilihan para sa mga surplas na produkto ng mga kapitalistang bayan. Ang sobrang suplay ng mga hilaw na materyales ang dahilan kung bakit ang mga bayan ng Katimugan ang pinakamatinding biktima ng kapitalistang krisis ng labis na produksyon.

Ang kalabisan din sa produksyon ng langis ay isa sa mga dahilan sa paglusob ng Iraq sa Kuwait. Ayaw sumunod

ng Kuwait sa mungkahi ng Iraq na bawasan ang produksyon ng langis at itaas ang presyo ng langis sa isang antas. Tumaas ngayon ang presyo ng langis dahil tumigil ang produksyon ng Iraq at Kuwait. At nagbabanta ang alyansa ng mga Kanluranin sa pamumuno ng US na gyerahin ang Iraq.

Nakadagdag din ang Tsina sa dagsa ng mga hilaw na materyales at ng istilong-Hongkong na mga manupaktura (tela, damit, laruan, semiconductors) sa kapitalistang daigdig at tinatamaan na rin ito ng gayong kalabisan. Sinisikap ng mga nagpapautang na Hapon at Kanluranin na kargahan ng dayuhang pautang ang Tsina para sa mga proyektong imprastraktura at pagkonsumo. Subalit kung talagang determinado ang Tsina na palakasin ang kakayahang industriyal at magtagumpay rito, lalo pang kikitid ang pamilihang pandaigd ig para sa mga abanteng kapitalistang bayan at mga bagong nag-iindustriyalisang ekonomya.

Kahit ang sosyalistang Albania ay nagkakaroon ng suliraning pang-ekonomya kapag hindi nito maibenta ang kanyang tanso sa magandang halaga; gayundin ang sosyalistang Cuba kapag hindi nito maibenta ang kanyang asukal sa magandang halaga. At syempre, ang Pilipinas ay tinatamaan ng sobrang suplay ng tanso at asukal na lampas-lampas sa epektibong pangangailangan ng kapitalistang daigdig.

Kahit lubos nang natratransporma sa kapitalismo, ang mga bayan ng Silangang Europa ay walang pangkompitensyang produkto na pwedeng ieksport sa Kanluran at problemado pa ngayon sa pagbabayad sa panggatong sa pamamagitan ng matatag na salapi at sa mga presyo sa pamilihang pandaigdig. Karamihan sa kanila ay lubog sa utang panlabas na ginamit sa konsumo at pagtatayo ng mga empresang ngayo'y giba-giba at bangkrap. Kahit naging tahasang kapitalista na, hindi pa rin nila kayang saluhin ang labis na mga manupa ktura ng mga mas abanteng kapitalistang bayan.

Ang Unyong Sobyet ang dapat sanang pinakamalaking mabibingwit ng pandaigdigang sistemang kapitalista at pinakamapangakong tagapamili ng mga labis na manupaktura

at mangungutang kung maganda lang sana ang produksyon nito ng langis. Ang langis ay isang kalakal na mas malaki pa rin ang pangangailangan kaysa iba pang hilaw na materyales. Dagdag pa, ang Unyong Sobyet ay hindi pa nakalubog sa utang sa simpleng dahilang sinagkaan ng US noong panahon ng Cold War ang mga tangka ng Unyong Sobyet na makapangutang nang higit sa kasalukuyan nitong utang, na kalakhan ay mula sa West Germany.

Subalit kapus-palad na bumabagsak ang produksyon ng langis ng Unyong Sobyet. Walang kasiguruhang makababayad ito sa nais bilhing mga produktong pangkonsumo at pamproduksyon na mataas ang teknolohiya maliban kung mas maraming dayuhang mamumuhunan ang pumasok at mamuhunan sa eksplorasyon at produksyon ng langis. Ang Chevron ay naroon na ngayon sa pinakamalaking mina ng langis sa Unyong Sobyet.

Kabilang sa pinakabantog na mga tagumpay ng perestroika (pagrestruktura sa ekonomya) ang pagpapalaganap at pagpapalaki sa mga pribadong kooperatiba na bumibili at nagnanakaw ng mga murang produkto mula sa mga empresa ng estado at mga sakahang kolektibo, nag-iimbak at umiipit sa mga ito at nagbebenta nang napakamahal sa taumbayan sa malayang pamilihan; at ang pangkalahatang pagbagsak ng ekonomya na ngayo'y namamalimos na ng ayudang pagkain sa ibang bayan.

Kabilang sa mga pinakabantog na tagumpay ng glasnost (pagiging bukas) ang walang patumanggang atakeng pang-ideolohiya at pampulitika sa mga saligang simulain ng sosyalismo, at ang paglakas ng kapitalismo, nasyonalismo, labanang etniko, relihiyon, anarkiya, organisadong krimen at huling mababanggit pero di pinakamaliit, ang awtokratikong kapangyarihang presidensyal na nakuha nang pormal ni Gorbachov kapalit ng isinakonstitusyong namumunong papel ng partido komunista. Ang Unyong Sobyet ay kasalukuyang na nganganib na magkawatak-watak at nakikipaglaban para sa kanyang buhay.

Sa patakarang panlabas, kabilang sa pinakabantog na tagumpay ng "new thinking" ("bagong pag-iisip") ang pagbagsak

ng mga rebisyonistang rehimen sa Silangang Europa; pagkabuwag ng tinatawag na blokeng sosyalista, ng Council for Mutual Economic Assistance at ng Warsaw Pact; ang pagtigil ng suporta sa mga "kapatid na bayan at partido" at ang paglitaw ng Unyong Sobyet bilang isang bagong tipong "junior partner" ng Estados Unidos laluna sa kasalukuyang krisis sa Gulpo.

Ang Unyong Sobyet at ang Silangang Europa ay nagkakaroon ng mga katangian ng mga atrasadong bayan ng ikatlong daigdig habang nagiging pribado o nababangkrap ang marami sa kanilang mga empresang industriyal; at ang mga sakahan ng estado at sakahang kolektibo ay pinaghahati-hati at ginagawang pribado. Ang East Germany (dahil sa pagsanib sa isang Germany) at ang Czechoslovakia (dahil sa mahusay na industriya nito) ang maaaring makinabang nang higit sa iba sa pagiging kapitalista matapos ang isang mahirap na panahon ng transisyon pero dahil lamang makakabahagi na sila sa pagsasamantala sa kalakhan ng Unyon Sobyet at Silangang Europa. Subalit maaari pa ring patuloy na mapagsamantalahan ng Unyong Sobyet ang kalakhan ng Silangang Europa. Maaaring nakakagulat sa ilang tao sa Pilipinas na ang mga bayang dating itinuturing na sosyalista ay "biglang" naging kapitalista. Ang mga progresibong Pilipino, kasama na ang mga komunista, ay maaaring mamanghang ipinangangalandakan ng mga bagong pinuno ng mga bayang ito na ang kapitalismo ang superyor na pagpipilian, sa kabila ng pangkasaysayan at kasalukuyang pananalanta ng kapitalismo sa Pilipinas, Latin Amerika at natitira pang mga bayan ng ikatlong daigdig.

Sa Silangang Europa mismo, laluna sa Yugoslavia, Poland at Hungary, ang mga burgis na pribado at burukrata at ang mayamang magsasakang sektor ng ekonomya at pulitika ay hayagang mapagsamantala at ang estado ay matagal nang nakikipagkutsaba sa mga dayuhang empresa at bangkong multinasyunal, kahit noon pang ang rehimen ay nagdadala ng karatulang "sosyalista".

May mga pangkalahatang paliwanag at mga partikular na dahilan sa bawat bayan sa "biglang" pagbagsak ng mga

rebisyonistang rehimen sa Silangang Europa at sa kasalukuyang panghihina ng nasa Unyong Sobyet.

Ang sosyalismong nasaksihan ng sangkatauhan ay ang maagang sosyalismo sa sukatan ng kasaysayang pandaigdig. Hindi naman ito maaaring sabihing wala sa panahon o utopyan sa simpleng dahilang ang sosyalismong ito ay sumibol sa kapitalistang daigdig na nasa paulit-ulit na matitinding krisis at digmaang pandaigdig, at namayani sa malawak na populasyon at teritoryo sa mga bansang sa kalahata'y atrasado sa ekonomya at teknolohiya. Hanggang ngayon, ang mga bayang patuloy na nagtuturing sa sarili bilang sosyali sta ay kasindak-sindak pa rin.

Ang maagang sosyalismo, gaya ng anumang bagong pwersang pangkasaysayan ay bulnerable pa sa sariling mga kahinaan sa usapin ng mga salik na obhetibo at subhetibo at sa mga kontra-atake ng kapitalismo na siya pa ring nangingibabaw sa daigdig. Napakalaki ng mga paghamong kaharap ng maagang sosyalismo. Hindi lamang atrasado ang ekonomya at antas sa teknolohiya na minana nito, kundi kailangan pa nitong igpawan ang pinsalang dulot ng digmaang pandaigdig o gyera sibil. Pagkatapos, sumunod ang pagkubkob milita r at mga gawaing mapanalakay at blokeyong ekonomiko at teknolohikal ng mga bansang imperyalista.

Ang mga tagumpay ng maagang sosyalismo ay dakila lalo kung tutuusin ang hirap na sinalunga nito. Nangyari ang mga ito dahil sa pamumuno ng uring manggagawa, pagkokonsentra ng kapasyahan at rekurso sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pagkakaisa ng sambayanan, pagpawi sa pagsasamantala ng malaking burgis at panginoong maylupa at sentralisadong pagpaplano.

Subalit kahit ang mga mabuting bagay ay maaaring tumungo sa kanyang kabaligtaran kapag nagiging labis o di sumasapat sa ilalim ng ilang kalagayan. Kapag may sistemang isang-partido, kahit ang mga elementong anti-sosyalista ay gagawin ang lahat para makasapi sa nag-iisang partido dahil iyon lang ang paraan para makaangat sa lipunan at pulitika.

Kung maliit na bahagi lamang ng populasyon ang nakapaloob sa naturang partido, may peligrong mahiwalay iyon at matuligsa bilang pribilehiyado. Ang masama pa, ang partido at ang estadong pinaghaharian nito ay kukubabawan ng burukratismo at mahihiwalay sa mamamayan at sa kilusang masa. Ang burukratismo sa naghaharing partido at estado ay maaaring upisyal na maipasa sa mga organisasyong masa, mga organisasyong pang-ekonomya, mga paaralan at iba pang institusyon.

Ang burgesya ay maaaring manumbalik sa burukrasya at makaagaw ng kontrol mula sa mga rebolusyonaryong proletaryo. Maaaring mapalakas nito ang kapangyarihan at pribilehiyo sa ibabaw ng taumbayan. Kapag ang idinidiin ay ang kahusayang propesyunal at teknikal nang higit at lampas sa rebolusyonaryong komitment sa proletaryado at sa mamamayan bilang kwalipikasyon sa pagsapi sa partido, ang naghaharing partido — sa kalaunan — kahit na tinatawag pa ang sariling proletaryo — ay madodomina ng mga elementong humahamak sa proletaryado at mga magsasaka.

Matapos maitayo ang mga batayang industriya at maging mas produktibo ang agrikultura dahil sa sosyalistang relasyon ng produksyon, maling idinideklara na nawala na ang mga uri at ang tunggalian ng mga uri sa lipunan. Kaya ang naghaharing partido ay nagiging bulag sa lumalaking bilang ng mga elementong may pag-iisip burgis sa sariling hanay.

Sa ilalim ng linyang wala nang mga uri at wala nang tunggalian ng mga uri, ang proletaryong makauring komitment ay nagiging mas abstrakto sa kabataan. Ang tendensya nila ay dalhin ang aktitud ng unibersalismong petiburgis habang naghahangad na maging mga pribilehiyadong burukrata. Ang mga rebolusyonaryong kadre sa loob ng naghaharing partido at sa estado at maging sa mga organisasyong masa, mga empresang industriyal at sakahan ay nasasapawan ng mga upisyal na di-proletaryo.

Nang maging panawagan ang paghabol sa Kanluran, sa katunaya'y naging okasyon iyon para gayahin ng lubusang

lumitaw na burukratang burgesya ang Kanluran sa lahat ng bagay at gamitin ang mga repormang maka-kapitalista para "pasariwain" o "perpektuhin" ang sosyalismo. Para mabigyang katwiran ang mga tinatawag na reporma, ang mga anti-sosyalistang elemento ay nanawagang bumalik sa mga konsesyong ibinigay sa pribadong sektor noong panahon ng transisyon pagkatapos pa lang maagaw ang kapangyarihang pampulitik a.

Dahil alam ng US at iba pang kapangyarihang kapitalista ang mga nabanggit na panloob na tunguhin sa mga bayang nasa maagang sosyalismo, inuudyukan nila ang mga ito sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga konsesyong pautang at pangkalakalan sa kundisyong magkakaroon ng liberalisasyong burgis sa ekonomya at pulitika.

Humihina at nawawasak ang sosyalismo kapag ang naghaharing uri ay hindi na ang proletaryado bagkus ay ang mga bagong burgesya at ang naghaharing partido at estado ay nagpalit na ng katangiang makauri kahit komunista at sosyalista pa rin ang bansag sa mga ito; at kapag ang mga bulok na burukratang burgis at ang pribadong sektor ay nagkukutsabahan sa paggatas sa estado o sa sektor publiko na ang mga empresa at sakahan ay nagkakanya-kanya at naghahabol ng pinakamalaking tubo, gaano pa man kalaki ang sekto r ng estado o publiko sa unang tingin.

Ang pang-ideolohiya at materyal na pagpapanibagong-lakas ng kapitalismo o ang pagpapahina sa sosyalismo sa Silangang Europa at sa Unyong Sobyet at iba pang bayan ay ilang dekada nang nagaganap. Hindi ito naganap nang magdamag. May matagalang proseso ng mapayapang ebolusyon tungo sa panunumbalik ng kapitalismo.

Sa Unyong Sobyet, ang panunumbalik ng kapitalismo ay unang itinaguyod nang malawakan ni Khruschov. Sinimulan niyang gawing awtonomo ang mga empresang industriyal at binigyang-kasiyahan ang mga manedyer at manggagawa sa mga empresang tumutubo sa pamamagitan ng mas mataas na sahod at bonus na nakaperwisyo sa iba pang empresa at sa buong

ekonomya. Binigyan din niya ang mga manedyer ng kapangyarihang tumanggap at magtanggal ng mga manggagawa. Ang mga nawalan ng trabaho ay napilitang maghanap-buhay sa di-or ganisadong sektor ng ekonomya. Sa agrikultura, pinalaganap niya ang mga pribadong taniman at sinimulan ang pagpapaupa ng lupa sa diumano'y mga grupo ng mga magsasaka. Inengganyo niya ang malayang pamilihan na pinagbentahan ng mga produktong likha ng pribadong pagsisikap gayundin ng mga kalakal na nakaw o puslit.

Sa ilalim naman ni Brezhnev, ang mga "repormang" ala-Khruschov ay higit na pinalarga. Ang mga pribadero at mga bulok na burukrata ay lumaki habang nagpalago sila sa malayang pamilihan na pinagbebentahan ng mga tunay na produkto ng maliliit na prodyuser gayundin ng mga bagay na ninakaw sa sektor publiko. Ang mga malapit na kamag-anak ni Brezhnev ay kilalang kaugnay ng mga sindikatong kriminal sa pribadong sektor.

Subalit sa pamumuno ni Brezhnev, sa balatkayo ng rebolusyonaryong pang-iislogan, mayroon ding muling pagsentralisa sa mga rekursong pinansyal at empresang industriyal na kailangan sa paligsahan sa armas. Kaya't ang proletaryado at mamamayang Sobyet ay nabiktima ng dalawang panghigop: iyong sa mga manedyer ng mga empresa at pribadero sa malayang pamilihan at iyong sa sentral na estado para sa paligsahan sa armas. Ang surplas ng ekonomya na dapat sanang nagamit sa pagpapala wak at pagpapanibagong-kasangkapan ng ekonomyang sibil at sa produksyon ng mas marami at mas mahusay na produktong pangkonsumo ay naubos sa produksyong militar.

Hanggang sa ngayon, ang katangi-tanging kontribusyon ni Gorbachov sa pagpapaunlad ng kapitalismo sa Unyong Sobyet ay ang ligalisasyon at pagpapalawak sa operasyon ng mga pribadero sa anyo ng mga "kooperatiba." Para tuluyan nang maging kapitalista ang Unyong Sobyet, may mga plano na gawing pribado ang mga empresang industriyal ng estado, buwagin ang mga natitirang sakahan

ng estado at sakahang kolektibo at gawing ligal ang pribadong pag-aari ng lupa.

Sa unang limang taon ni Gorbachov, ang mga kapangyarihang kapitalista ay natuwa sa glasnost na nagtaguyod sa walang patumanggang pag-atake sa pundamental na prinsipyo ng pamumuno ng uring manggagawa at sa mga saligang prinsipyo ng sosyalismo; at sa perestroika na nangakong maglabas ng mga batas para isulong ang pagsasapribado ng industriya at agrikultura, buksan ang pamilihan sa lahat ng klase ng dayuhang produkto at bigyan ang mga empresa at bangkong multinasyunal ng mga garantiya at pribilehiyong hin ihingi nila.

Sa kalakhan ng Silangang Europa, mas maraming kahinaan ang maagang sosyalismo kaysa sa Unyong Sobyet. Halos ang Pulang Hukbong Sobyet ang naglagay ng mga naghaharing partido rito sa poder. Ang mga partidong ito ay mga biglaang pagsasanib ng mga komunista at mga elementong di-komunista. Mayroon sana silang sapat na panahon sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Subalit sa karamihan ng mga bayan sa Silangang Europa, ang mayamang magsasaka at iba pang maliitang prodyuser ay nanatili. Ang nasyonalismo at relihiyon ay patuloy na naging malakas na mga sentro laban sa pananatili ng mga tropang Sobyet at laban sa mga komunista.

Ang mga kontradiksyong pulitikal sa pagitan ng Unyong Sobyet at ng mga bayan sa Silangang Europa ay matagal nang nagnanaknak. Ang mga naghaharing pangkating rebisyonista sa mga bayang ito ay pinapalitan o sinusuhayan ng Unyong Sobyet, paminsan-minsa sa pamamagitan ng tahasang pwersa. Kaya't nang magdeklara si Gorbachov na maaari nang magpasya ang mga bayan at mamamayan sa Silangang Europa ayon sa kanilang kagustuhan, pagkakataon na upang kanilang iwaksi ang balatkayong sosyalista.

Mayroon ding matagal nang mga alitan sa relasyong ekonomiko ng Unyong Sobyet at Silangang Europa. Ang

Unyong Sobyet ay nagparami at nagsuplay ng mga kagamitan sa produksyon na mahinang klase at ang teknolohiya'y bago pa Ikalawang Digmaang Pandaigdig (dahil na rin sa sobrang laki ng surplas ng ekonomyang Sobyet ang napunta sa paligsahan sa armas) subalit hiningi nito ang sobrang dami ng mga produktong industriyal at agrikultural bilang kabayaran sa isinusuplay na mga kagamitan at panggatong. Sa kabilang banda, simula noong dekada sitenta, ikinainis ng Unyong Sobyet ang pangyayaring napakamahal na ng langis sa pandaigdigang pamilihang kapitalista pero mura pa rin niyang ibinibigay sa Silangang Europa.

Pero kahit ang Unyong Sobyet ang nagtatakda ng takbo ng mga usaping pampulitika, pinayagan naman ang mga bayan sa Silangang Europa na magtaguyod sa pribadong sektor sa kani-kanilang ekonomya at paunlarin ang relasyong ekonomiko sa mga kapangyarihang kapitalista. Kaya't malayang tinahak ng Poland at Hungary ang landas ng Yugoslavia.

Sa biglang tingin, may malinaw na paglaki ang kapitalistang daigdig sa naganap na muling pagsakop sa ilang sosyalistang bayan sa ekonomya at pulitika. Subalit bilang pagsasaalang-alang ng mga kapangyarihang kapitalista sa krisis ng labis na produksyon sa kapitalistang daigdig, kahit noong bago naging kapitalista ang ilang sosyalistang bayan, hindi sila nagmamadaling magpasok ng malaking tuwirang pamumuhunan at magdeliber ng bagong teknolohiya para sa pagpapanibagong-kasangkapan at muling pagbuhay sa mg a industriya ng Silangang Europa at Unyong Sobyet. Mayroon nang kalabisan ng mga produktong industriyal sa kapitalistang daigdig.

Hindi rin nag-aapura ang mga kapangyarihang kapitalista na magbigay ng mga bagong pautang para padaliin ang pagbebenta ng mga kagamitang industriyal at produktong pangkonsumo. Bukod sa Czechoslovakia, ang mga bayan sa Silangang Europa ay dati nang nakapangutang nang sobra. Wala naman silang maipambayad. Matagal nang naabuso ang internasyunal na sistema sa pagpapautang. Sa katunayan, ang mga utang ng mga bayan sa ikatlong daigdig at sa Silangang

Europa ay naging banta na sa istabilidad sa pinansya at ek onomya ng kapitalistang daigdig.

Ang istratehiya ng mga kapangyarihang kapitalista ay hayaang mabangkrap muna ang mga empresang industriyal sa mga bayan sa Silangang Europa at Unyong Sobyet para maging mas madali para sa mga dayuhang empresang monopolyo ang pagsakop sa mga linya ng produksyon at negosyo, bukod pa sa higit na panahon sa pagpiga ng mga batas na pinakapaborable sa mga namumuhunang dayuhan. Iyon lamang mga empresa sa Silangang Europa na pinakamalakas kumita ang sinasakmal ng mga dayuhang empresang multinasyunal na kakutsa ba kapwa ang mga burgis na bagong akyat sa kapangyarihan at ang mga burukrata kapitalistang lumantad na.

Maliban sa mga pinakamatataas na burukrata sa mga bumagsak na rehimen na binuntunan ng sisi sa krisis sa ekonomya at sa pampulitikang panunupil, ang mga rebisyonistang burukrata pa rin ng mga dating naghaharing partido at dating estado ang nakauungos sa pagsunggab sa mga oportunidad sa kabuhayan at negosyo para sa pribadong sektor. Taglay nila ang edukasyon, kasanayang administratibo at mga pinakamahalagang kuneksyon. Kaya malinaw kung bakit sila mismo ay naghangad na gumuho ang saklob ng sosyalismo ka sabay ng mga lantad na kontrarebolusyonaryo at ng aping taumbayan sa mga aksyong masang nagpabagsak sa naghaharing partido.

Subalit ngayon, ang kalagayan ng kabuhayan ng mamamayan ay kinatatangian ng malaganap na disempleyo, "hyperinflation" (implasyong sobra-sobra at ganap nang di makontrol), malalang kasalatan sa pagkain, pagkawala ng mga libreng serbisyong panlipunan at lahat ng iba pa sa harap ng patuloy na pagbagsak ng ekonomya. Sa larangan ng pulitika, lumalarga ang lahat ng klase ng halimaw, kabilang na ang mga labanang etniko, mga pasistang kilusan, rasismo, organisadong krimen at iba pa.

Isa pang paraan ng paglalarawan sa pagbaling sa kapitalismo ng ilang bayang sosyalista ay ang pagsali ng mga ito sa hanay ng mga atrasadong bayan. Sa darating na panahon,

ang mga mamamayan sa mga bayang ito ay mag-aalsang muli upang ikondena at itakwil ang malaking burgesya at uring panginoong maylupa.

Mayroong di kukulangin sa tatlong aral na mahahalaw sa disintegrasyon ng maagang sosyalismo sa Silangang Europa.

Isang aral ay ang katotohanang ang partido ng uring manggagawa ay makakaagaw at makakahawak ng kapangyarihan batay lamang sa lakas ng rebolusyonaryong kilusang masa at hindi nito dapat hayaang mahiwalay ang sarili sa mamamayan dahil sa burukratismo. Kapag nahiwalay ang naghaharing partido sa sambayanan, darating ang panahong sisibol ang kilusang masang magbabagsak dito. Ang mga aksyong masa ay maaring ibunsod at pagulungin ng mga karaingan at pwedeng pamunuan o samantalahin ng mga kontrarebolusyonaryo gaya ng naganap sa Silangang Europa.

Ang isa pang aral ay naglilinaw na hindi sasapat na magkaroon ng pambansang kalayaan sa dayuhang dominasyon at makauring kalayaan sa mga mapagsamantalang uri. Kailangang paunlarin din ang antas ng kalayaang indibidwal at partisipasyong publiko sa loob ng balangkas na anti-imperyalista at sosyalista. Subalit ang pagpapaunlad ng antas ng kalayaang ito na labas sa balangkas na anti-imperyalista at sosyalista ay magpapanumbalik sa dominasyon ng kapitalismo at reaksyon gaya ng ginawa ng mga rebisyonistang b urukrata.

Isa pang masasabing aral ay naglilinaw na ang mga konsesyon sa pribadong sektor ng ekonomya sa yugto ng transisyon ay hindi dapat muling ibalik pagkatapos ng sosyalistang transpormasyon ng ekonomya. Ang mga repormang maka-kapitalista ay hindi nakapagpapanibagong-sigla o nakakaperpekto sa sosyalismo, bagkus ay nagpapahina at sa kalauna'y wawasak dito. Ang pagtataguyod sa pribadong sektor ng negosyo ay nagpapayabong ng baseng panlipunanpara sa kapitalistang kontrarebolusyon at burukratikong korupsyon.

Subalit ang natitira pa sa maagang sosyalismo at ang mas malaganap na salik ng sosyalismo sa ibang lugar, kasama na ang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang

perspektiba sa Pilipinas, ay walang ibang pagpipilian kundi ang labanan ang imperyalismo at lahat ng reaksyon, matuto sa mga aral ng mga nabigong sosyalistang rehimen at samantalahin ang mga lumilitaw na bagong kalagayan.

Ang simulain ng rebolusyong proletaryo at sosyalismo ay dumanas ng mas malalaki pang pagkabigo bago nito. Kinailangan ang 46 na taon mula sa pagkatalo ng Paris Commune noong 1871 hanggang sa maipagtagumpay ang Rebolusyong Bolshevik noong 1917. Pagkatapos, winasak ng pasismo ang mga partido ng uring manggagawa sa Europa at sinalanta ng Nazi Germany ang Unyong Sobyet at pumatay ng 20 milyong mamamayang Sobyet. Subalit matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sumibol ang ilang bagong sosyalistang bayan.

Ang panunumbalik ng kapitalismo sa Silangang Europa at ang nagaganap na ligalig sa Unyong Sobyet ay hindi talaga nakapagpapalakas sa pandaigdigang sistemang kapitalista bagkus ay nagpaparami lamang sa bilang ng mga biktima nitong naitutulak na lumaban. Sa kalaunan, ang proletaryado at ang mamamayan ng daigdig ay tiyak na babangon laban sa patuloy na paglala ng krisis at sa pagtindi ng pang-aapi at pagsasamantala at magkakamit ng mas maniningning na tagumpay sa bago at mas mataas na a ntas ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Ang mga lipunan ng maagang sosyalismo at ang mga salik ng sosyalismo (kasama na ang di-mapupuksang uring manggagawa) ay patuloy na umiiral sa malawak na saklaw. Ang pag-iral, pagkamapagsamantala at krisis ng kapitalismo ang magtitiyak sa muling pagdaluyong ng sosyalismo sa bago at mas mataas na antas, taglay ang mga aral na natutunan sa mga kamalian at kabiguan at kasabay ng paglitaw ng mga bagong kalagayang pumapabor sa sosyalismo.

Komiteng Tagapagpaganap

Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas

Disyembre 26, 1990